



## MGA PRESYO PARA SA ORAS NG PAGGAMIT NG ELEKTRISIDAD

Ang mga sambahayan at maliliit na mga negosyo sa Ontario ay nagbabayad ng mga presyo ayon sa mga oras ng paggamit ng elektrisidad. Ang mga presyo ng oras ng paggamit ay nagbabago ayon sa ORAS NG NATURINGANG ARAW at SA ARAW NG NATURINGANG LINGGO. Ang mga panahon ng kalakasan ay nagbabago rin ayon sa kasalukuyang panahon.

### PAANO ITO NAGSASAGAWA

#### ITO AY NAGSISIMULA SA INYONG MAHUSAY NA KONTADOR (SMART METER)

Ang presyo ng oras ng paggamit ay nagsisimula sa inyong mahusay na kontador, na nagsasaad ng inyong elektrisidad ng utility at ang eksaktong laki ng konsumo ng kuryente na ginagamit ninyo at ang kung kailan ito ginagamit.

Ang utility ay ginagamit ang impormasyong ito upang singilin kayo para sa eksaktong laki ng konsumo ng kuryente na ginagamit ninyo at sa anumang pupuwedeng oras. Ang inyong paggamit sa elektrisidad ay mapapabilang sa isa sa tatlong mga kategorya.

**HINDI KALAKASAN (OFF-PEAK).....\$**

Sa gabi, Sabado at Linggo at sa mga araw ng piyesta opisyal

**KALAGITNAAN NG KALAKASAN (MID-PEAK).....\$\$**

Sa araw, ngunit hindi sa araw ng mga panahon na malakas ang paggamit

**NASA KALAKASAN (ON-PEAK).....\$\$\$**

Ang mga oras ng pinakamalakas na pangangailangan sa araw

#### ANG MGA DAHILAN NG IBA'T-IBANG MGA PRESYO

**KUNG ANG PANGANGAILANGAN AY MABABA:** Kaunting mga tao lamang ang gumagamit ng elektrisidad at ang mga mamimili ay nagbabayad ng mababa. Ito ay dahil

sa maraming elektrisidad ang nakalaan para magamit ninyo mula sa murang mga mapagkukunan katulad ng nuklear at malalaking haydroelektriko.

**KUNG ANG PANGANGAILANGAN AY TUMAAS:** Habang nagsisimula ang araw ng trabaho, mas maraming tao at mga negosyo ang nagbubukas ng kanilang mga ilaw, mga kasangkapan at kagamitan. Ang panustos ng lalawigan sa higit na matipid na elektrisidad ay naubos na. Ito ay bumabaling sa mga may kamahalan na mapagkukunan.


#### **DALAWANG PANAHOON NG KALAKASAN**

**SA TAG-ARAW,** ang kalakasan ng paggamit ng elektrisidad ay sa mga maiinit na oras ng hapon, kung kailan ang mga pampalamig na kasangkapan (air conditioners) ay pinatatakbo ng husto.

**SA TAGLAMIG,** ang kaunting liwanag ng araw ay nangangahulugan ng dalawang beses na malakasang paggamit ng elektrisidad: isa sa umaga kung kailan gigising ang mga tao at bubuksan ang kanilang mga ilaw at mga kagamitan, at pagkatapos ay mauulit sa pag-uwi ng mga tao mula sa trabaho.

#### **IKAW BA AY MAYROONG KONTRATA SA NAGTITINGI?**

Kung kayo ay pumirma ng isang kontrata sa isang nagtitingi ng elektrisidad, kayo ay magbabayad ng presyong napagkasunduan sa kontrata (hindi sa oras ng paggamit o pantay na mga presyong isinaayos ng OEB). Gayun din, ang inyong bayarin ay mag-iiba – tingnan ang website ng OEB para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga kontrata ng nagtitingi.



MGA PRESYO NG ELEKTRISIDAD SA ORAS NG PAGGAMIT	SABADO AT LINGGO AT SA MGA ARAW NG PIYESTA OPISYAL	TAG-ARAW – MGA ARAW NA MAY PASOK	TAGLAMIG – MGA ARAW NA MAY PASOK
HINDI KALAKASAN (OFF-PEAK)	HATING-GABI	Mayo 1 – Oktubre 31	Nobyembre 1 – Abril 30
KALAGITNAAN NG KALAKASAN (MID-PEAK)		HATING-GABI	HATING-GABI
NASA KALAKASAN (ON-PEAK)	N.H. N.U.	N.H. N.U.	N.H. N.U.
	KATANGHALIAN	KATANGHALIAN	KATANGHALIAN

## ANO ANG INYONG MAGAGAWA UPANG PAMAHALAN ANG PAGGAMIT NG ELEKTRISIDAD

Subukang magtipid ng elektrisidad at magpapalit-palit ng paggamit sa Sabado at Linggo at sa mga oras ng araw na may pasok at HINDI KALAKASAN...

Magkabit ng isang NAIPO-PROGRAMANG THERMOSTAT. Paganahin ito sa mababang gamit ng enerhiya kung kayo ay wala sa bahay at kung kayo ay natutulog.

MGA 60% NG ENERHIYA NA GINUGUGOL SA ISANG PANGKARANIWANG TAHANAN AY GINAMIT SA PAMPAINIT AT PAMPALAMIG.

Gumamit ng LED na nasa sa panahong mga ilaw sa halip na regular na mga ilaw.

PASAKAN ANG ANUMANG MGA NAPAPASUKAN NG HANGIN O MGA NASISINGAWAN na naglalabas ng init sa taglamig o, sa tag-init naman, ay nagpapasok ng maalinsangang hangin. Sa tag-init, panatiliing sarado ang mga kurtina at blinds upang panatiliing matakpan ang tanghaling tapat na may matinding sikat ng araw.

Labhan ang inyong mga labahan sa MALAMIG NA TUBIG.

Kung kayo ay gagamit ng pampalamig na kasangkapan (air conditioners), paganahin ito sa 26 C o mataas pa. ANG PAGTATAAS NG INYONG THERMOSTAT SA 1 C ay magbaba ng inyong bayarin sa elektrisidad ng hanggang sa 5%. Mas maigi pa, gumamit na lamang ng mga bentilador.

Maraming mga bagay na de-kuryente ay hindi pa hustong sarado maliban na lamang kung AALISIN SA PAGKAKA-PLAG SA KURYENTE. Dahil ang bawa't isa ay maaaring gumamit ng mula sa 4 hanggang 10 watts ng "phantom power", i-plag ang mga ito sa isang bar ng kuryente na inyong naisasara.

Pumili ng MGA PRODUKTONG MAHUSAY SA ENERHIYA katulad ng mga kagamitang may tatak na ENERGY STAR®.

Alamin pa ang karagdagang impormasyon:

- 10 Smart Meter Lane: [www.ieso.ca/house](http://www.ieso.ca/house)
- saveONenergy: [www.saveonenergy.ca](http://www.saveonenergy.ca)
- Ministri ng Enerhiya (Ministry of Energy): [www.ontario.ca/energy](http://www.ontario.ca/energy)

## **ANG SANGGUNIAN PARA SA ENERHIYA NG ONTARIO (ONTARIO ENERGY BOARD) AY MAKATUTULONG SA INYO NA MAGING MAALAM NA MAMIMILI NG ENERHIYA**

Para sa impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga paksa, bumisita sa:

[www.ontarioenergyboard.ca/OEB/Consumers](http://www.ontarioenergyboard.ca/OEB/Consumers)

Sumangguni sa aming SENTRO PARA SA MGA UGNAYAN NG MAMIMILI (CONSUMER RELATIONS CENTRE)

(ito ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 8:30 n.u. hanggang 5 n.h.)

1-877-632-2727 (libreng linya sa loob ng Ontario)

416-314-2455 (sa loob ng Lugar ng Buong Toronto o mula sa labas ng Canada)

[consumerrelations@ontarioenergyboard.ca](mailto:consumerrelations@ontarioenergyboard.ca)

Sundan kami sa: @OntEnergyBoard

Ang Sanggunian sa Enerhiya ng Ontario (Ontario Energy Board) ay isang independyente at walang kinikilingang ahensya pampubliko. Kami ay nagsasagawa ng desisyon na nagsisilbi sa interes ng publiko. Ang aming layunin ay ang palakasin ang isang sektor na may kakayahang enerhiya at pinansyal na nagpapatuloy na nagkakaloob sa inyo ng maaasahang mga serbisyong pang-enerhiya sa isang makabuluhang halaga.

*Aussi disponible en français. Ang materyal na ito ay nakalaan din sa iba pang mga wika. Bumisita sa aming website o sumangguni sa aming Sentro para sa mga Ugnayan ng Mamimili (Consumer Relations Centre).*